



Mga Patakaran para sa mga Sining sa mga Parke 2025

Pangkalahatang Impormasyon sa Gawad

Mula noong 2016, ang Seattle's Office of Arts & Culture (ARTS) ay nakipagtulungan sa Seattle's Parks and Recreation (SPR) upang paramihin ang mga kaganapan na may kinalaman sa sining at kultura sa mga parke sa buong lungsod. Sa pamamagitan ng programa ng Arts in Parks (AiP), namumuhunan ang Lungsod sa masiglang gawaing pangkultura na ginagawa sa at ng iba't ibang mga komunidad sa buong Seattle.

Ang programang ito ay sumusuporta sa mga katutubong organisasyon, mga grupo sa komunidad, at mga indibidwal na artistang nagnanais na buhayin ang mga parke sa Seattle sa pamamagitan ng sining at kultura sa mga lugar na hindi gaanong nabibigyan ng atensyon at sa mga lugar na may limitadong yaman sa lungsod. Ang gawad na ito ay sumusuporta sa mga bago at matagal nang itinatag na mga pista o kaganapan na nagtataguyod ng sining at kultura, nagdiriwang ng pagkakaiba-iba, at nagtataguyod ng ugnayan sa komunidad habang nakikipag-ugnayan sa mga komunidad at manonood mula sa mga dati nang hindi nabibigyan ng atensyon at/o mga komunidad na hindi nabibigyan ng sapat na serbisyo na kumakatawan sa pagkakaiba-iba ng Seattle.

Para sa impormasyon at tulong sa pag-apply, pagsusuri ng draft na aplikasyon, kwalipikasyon, o online na suportang teknikal, makipag-ugnayan kay Zach Frimmel, Project Manager ng Grants, sa (206) 963-9226 o Zach.Frimmel@seattle.gov.

Mayroon kaming mga tagasalin na maaaring makipag-usap sa inyo sa inyong wika, kabilang ang American Sign Language (sa pamamagitan ng video). Tawagan lang kami at sabihin sa amin kung anong wika ang inyong ginagamit. Asahan ang saglit na paghinto habang naghahanap kami ng isang tagapagsalin na sasali sa tawag.

Aplikasyon

Mag-apply online sa website ng grant ng Lungsod ng Seattle:

https://seattle.fluxx.io/user_sessions/new

Kung wala kayong computer o internet access, o may iba pang hadlang sa pag-apply, kontakin si Zach Frimmel, Grants Project Manager, sa (206) 963-9226 o Zach.Frimmel@seattle.gov.

Takdang Araw

Martes, Nobyembre 26, 2024, 5 p.m. (Pasipiko)

Pagiging Karapat-dapat/Mga Kinakailangan

Kayo ay karapat-dapat na mag-apply para sa gawad na ito kung natutugunan ninyo ang mga sumusunod na pamantayan:

- Kayo ay isang indibidwal na artist, lokal na organisasyon, o grupong nakabase sa komunidad na matatagpuan sa, o regular na nagtatanghal ng gawain sa, Seattle.
 - Ang mga organisasyon at mga indibidwal na artistang kumakatawan sa mga komunidad na pinakaapektado ng sistematikong pang-aapi kabilang ang mababang kita, mga taong may kapansanan, mga komunidad ng imigrante at refugee, at mga komunidad ng may kulay ay hinihikayat na mag-apply.
- Mayroon kayong numero ng Federal Tax ID (Social Security Number, ITIN, o Employee Identification Number).
 - Ang mga pangkat na nag-a-apply ay hindi kinakailangang maging isang 501(c)(3) na nonprofit, at hindi rin sila kinakailangang gumamit ng piskal na isponsor o piskal na ahente.

Kayo ay **hindi karapat-dapat** na mag-apply para sa grant na ito kung:

- Mayroon kayong isang bukas na kontrata ng Arts in Parks pagkatapos ng Disyembre 31, 2024.

Ang inyong proyekto / kaganapan ay karapat-dapat na pondohan ng gawad na ito kung matutugunan nito ang mga sumusunod na pamantayan:

- Ang inyong proyekto ay magkakaroon ng mahalagang bahagi sa sining at kultura.
- Ang inyong proyekto ay magiging libre at bukas sa publiko.
- Magkakaroon kayo ng segurong pangkaganapan para sa proyektong ito.
- Ang inyong proyekto ay susunod sa pahayag ng misyon ng Seattle Park and Recreation (na magbigay ng malugod at ligtas na pagkakataon para maglaro, mag-aral, mag-isip, magtayo ng komunidad, at itaguyod ang responsableng pangangalaga ng lupa).
- Ang inyong proyekto ay magaganap sa isang **kwaliplikadong** parke sa Lungsod ng Seattle mula Mayo 1 hanggang Nobyembre 30, 2025.
 - Tingnan *ang listahan ng **mas gustong mga parke***.
 - Ang mga kaganapan na magaganap sa Downtown o City Center Parks o sa mga Playfields at mga luntiang espasyo na kalapit sa mga community center ay **hindi** kwaliplikado para sa pondong ito. *Tingnan **ang listahan ng hindi karapat-dapat na mga parke***.

Kayo ay maaaring magsumite ng isang (1) aplikasyon lamang bawat taon sa programang ito.

Pagpopondo

Ang mga pinondohan na awardee ay tatanggap ng suporta sa pagpopondo ng AiP (para sa mga kaganapan sa 2025) na mapupunta sa: mga bayad sa artist, mga bayarin sa marketing at

promosyon, pamamahala ng proyekto at mga gastos sa tauhan, mga supply, pag-upa ng kagamitan o iba pang mga gastos na may kaugnayan sa produksyon, kinakailangang mga permit, at hindi hihigit sa 10% para sa mga gastos na may kaugnayan sa pagkain. Maaaring payagan ang mga karagdagang gastos kapag may paunang pag-apruba ng tagapamahala ng gawad ng proyekto. Walang bahagyang pagpopondo para sa programang ito, at nakadepende ito sa pag-apruba ng badyet para sa 2024. Ang mga pondo mula sa Arts in Parks ay hindi maaaring isama sa iba pang mga mapagkukunan ng pondo ng Lungsod para sa parehong proyekto.

Maaaring mag-aplay ang mga aplikante sa mga sumusunod na antas ng pagpopondo:

- \$2,000
- \$4,000
- \$6,000
- \$8,000

Ang pondong ito ay *hindi* maaaring gamitin para sa:

- Mga kaganapang hindi maa-access at libre sa publiko
- Mga serbisyong panrelihiyon
- Mga kaganapan o presentasyon kung saan ang pangangalap ng pondo ang pangunahing layunin
- Mga regalo
- Gastos sa pangangasiwa ng mga organisasyon na hindi direktang kaugnay sa proyekto
- Pagbili ng kagamitan o software
- Ang mga gastos kaugnay ng pagkain ay higit sa 10% ng ipinagkaloob na halaga.

Mga Sesyon ng Impormasyon

Matuto nang higit pa tungkol sa grant na ito at kung paano isumite ang inyong pinakamahasay na aplikasyon.

Sesyon ng Impormasyon 1 (Virtual)

Huwebes, Oktubre 24, 2024

Virtual: Microsoft Teams

[RSVP](#)

Session ng Impormasyon #2 (Personal)

Lunes, Oktubre 28, 6:00-7:30 p.m. (Pasipiko)

Personal: Garfield Community Center

[RSVP](#)

Mga Sesyon ng Feedback sa Draft ng Aplikasyon

Ibahagi ang mga materyales sa Arts in Parks na draft na aplikasyong susuriin ng kawani ng Lunsod at makakuha ng feedback sa inyong mga materyales bago ninyo isumite ang inyong panghuling aplikasyon.

Draft Application Feedback Session 1 (Virtual)

Miyerkules, Nobyembre 13, 12:00-1:30 p.m. (Pasipiko)

Virtual: Microsoft Teams

[RSVP](#)

Draft Application Feedback Session 2 (Personal)

Sabado, Nobyembre 16, 10:00 n.u. – 12:00 n.g.

Sa personal: Jefferson Community Center

[RSVP](#)